REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS
DEPARTMENT OF EDUCATION CULTURE AND SPORTS
UL Complex Meralco Avenue
Pasig Metro Manila

Nobyembre 12, 1999

TANGGAPAN NG KALIHIM
(OFFICE OF THE SECRETARY)

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg 486, s 1999

PAMBANSANG KUMPERENSYA WORKSYAP
SA WIKA AT DISIPLINANG FILIPINO

Sa mga Direktor ng Rehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno ng mga Pribadong Paaralan (Elementarya at Sekundarya)

1 Ang Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, U P Diliman, sa pakikipagtulungan ng Komisyon sa Wikang Filipino at Pambansang Samahan sa Wika, Ink., ay magdaraos ng Pambansang Kumperensya-Workshap sa Disyembre 8 10, 1999 sa Pulungang Recto, Bulwagang Rizal, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Lungsod Quezon.

2 Ang tema ng Kumperensya Workshap ay "WIKA AT DISIPLINANG FILIPINO KURIKULAR AT AKADEMIK NA PROGRAMA SA BAGONG MILENYUM" Ang layunin nito ay ang mga sumusunod

a) Makatulong sa pagpapaunlad at pagpapalaganap ng Filipino bilang pangunahing wika ng Pilipinas lalo na sa akademikong gamit nito sa mas mataas na edukasyon

b) Makatulong sa paglinang sa Wika at Disiplinang Filipino bilang akademik na larangan sa pamamagitan ng pagtiyak ng lawak at saklaw, programa at mga kurso nito

c) Mataya ang mga umiral na programang kurikular sa tersyarya at makapagmungkahi ng napapanahon at angkop na programa para sa wikang Filipino

d) Makatulong sa pagpapataas sa dignidad, akademik na kahusayan at propesyonalismo ng mga nagtuturo ng mga aralin sa wikang pambansa

e) Masuri ang ugnayan at artikulasyon ng mga asignatura sa Filipino mula elementarya hanggang sekundarya at tersyarya

f) Makapagbalangkas ng silabus sa wika, komunikasyon at diskurso sa Filipino para sa General Education (G E ) ng Commission on Higher Education (CHED)

3 Ang mga dapat dumalo sa kumperensya worksyap na ito ay ang mga tagapangulo, superbisor at guro ng Filipino ng bawat kolehiyo at unibersidad Ipadala ang inyong reserbasyon at katanungan kay Dr Pamela C Constantino, Co-Coordinator 2079 Bulwagang Rizal, Unibersidad ng Pilipinas Diliman Lungsod Quezon, telepono bilang 924-48 99, 920 53-01 local 7453 at 7059

4 Ang gugugulin sa transportasyon mula sa pinanggalingang tanggapan o paaralan hanggang sa lugar ng kumperensya workshap at pagbalik, gayundin ang kabayaran sa rehistrasyon na nagkakahalaga ng DALAWANG LIBONG PISO (P2,000 00) para sa kit, 3 pananghalian, 6 na meryenda at handouts ay manggagaling sa pondong lokal at sasailalim sa kaukulang pagtutuos at pag-aawdit

5 Hinahangad ang madaliang pagpapalaganap ng Memorandum na ito

VICTOR ANDRES C MANHIT
Undersecretary
Officer In-Charge

Sanggunian Wala

Pamumudmod 1 (D O 50 97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa

CONFERENCES
Learning Area FILIPINO
SOCIETY or ASSOCIATIONS
WORKSHOPS